



Patakarán sa Pagsingil at Pagkolekta

Billing and Collection Policy (Tagalog)

Nalalapat sa mga lokasyon ng Mayo Clinic sa labas ng Minnesota.

Nirebisa alinsunod sa 501(r) ng Internal Revenue Code, na epektibo noong Enero 1, 2016.

Patakarán

Patakarán ng Mayo Clinic at kaakibat na mga ospital at klinika ng Mayo Clinic na (“Mayo Clinic”) na ituloy ang pangongolekta ng mga balanse ng pasyente mula sa mga pasyenteng may kakayahang magbayad para sa mga serbisyo. Ang Mayo Clinic ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang matukoy ang mga pasyente na maaaring maging kwalipikado para sa tulong pinansyal. Ang mga pamamaraan ng pagkolekta ay ilalapat nang pare-pareho at patas para sa lahat ng pasyente anuman ang katayuan ng insurance. Ang lahat ng pamamaraan sa pagkolekta ay susunod sa mga naaangkop na batas at sa misyon ng Mayo Clinic. Para sa mga pasyenteng hindi makabayad ng lahat o isang bahagi ng kanilang bayarin, ang naaangkop na Patakarán sa Tulong Pinansyal o Patakarán sa Pangangalaga ng Charity ay susundin.

Ang mga ahensya ng koleksyon at mga law firm ay maaaring magpatala pagkatapos maubos ang lahat ng makatwirang opsyon sa pagkolekta at pagbabayad. Maaaring tumulong ang mga ahensya sa pagresolba ng mga account kung saan ang mga pasyente ay hindi nakikipagtulungan sa pagbabayad, hindi nakagawa ng mga naaangkop na pagbabayad, o hindi gustong magbigay ng makatwirang pinansyal at iba pang data upang suportahan ang kanilang kahilingan para sa pangangalaga ng charity. Poprotektahan ng ahensya sa pagkolekta at kawani ng law firm ang pagiging kumpidensyal at indibidwal na dignidad ng bawat pasyente. Lahat ng ahensya at law firm ay susunod sa lahat ng naaangkop na batas kabilang ang mga kinakailangan ng HIPAA para sa paghawak ng protektadong impormasyon sa kalusugan.

Layunin

Ang Patakarán na ito ay nagtatatag ng mga makatwirang pamamaraan tungkol sa pangongolekta ng mga account ng pasyente, kabilang ang mga pagkilos na maaaring gawin ng Mayo Clinic o mga kinontratang ahensya ng panlabas na pangongolekta at mga law firm.

Saklaw

Ang patakarán na ito ay nalalapat sa Mayo Clinic at sa lahat ng legal na kaakibat na mga ospital at klinika na matatagpuan sa labas ng Minnesota.

Mga Pahayag ng Patakarán

Hindi Pangkaraniwang mga Pagkilos sa Pagkolekta

Ang mga pagkilos na maaaring gawin ng Mayo Clinic, o pahintulutan ang isang ahensya ng pangongolekta o law firm na gawin, may kaugnayan sa pagkuha ng pagbabayad ng isang bayarin para sa pangangalagang medikal ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Pagpapaliban, pagtanggap, o pag-aatas ng pagbabayad bago magbigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng isang indibidwal ng isa o higit pang mga bayarin para sa dating ibinigay na pangangalaga;
2. Mga pagkilos na nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. pagsisimula ng isang sibil na aksyon o demanda laban sa pasyente o responsableng indibidwal;
 - b. pag-aayos sa sahod ng isang indibidwal pagkatapos matiyak ang hatol ng korte;
 - c. pag-attach o pag-agaw sa bank account ng isang indibidwal, iba pang personal na ari-arian, o iba pang aksyon sa pagpapatupad ng paghatol na pinahihintulutan sa ilalim ng batas ng estado pagkatapos matiyak ang isang paghatol;
 - d. paglalagay ng pananagutan sa ari-arian ng isang indibidwal pagkatapos matiyak ang isang paghatol sa kondisyon na ang paglalagay ng pananagutan laban sa pagbawi ng personal na pinsala, pag-areglo, kompromiso, o paghatol ng isang indibidwal ay hindi itinuturing na isang hindi pangkaraniwang pagkilos sa pagkolekta (extraordinary collection action, ECA)

Ang paglalagay ng account ng pasyente sa isang ahensya ng pangongolekta ay hindi isang hindi pangkaraniwang pagkilos sa pagkolekta.

Ang Makatwirang mga Pagsisikap ng Ospital na Kaakibat ng Mayo Clinic Upang Matukoy ang mga Pasyente Para sa Tulong Pinansyal.

Aabisuhan ng Mayo Clinic ang mga indibidwal na ang tulong pinansyal ay available sa mga kwalipikadong indibidwal nang hindi bababa sa 30 araw bago ituloy ang mga ECA upang makakuha ng bayad para sa pangangalagang ibinigay ng ospital sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:

1. Magbigay ng nakasulat na abiso sa indibidwal na nagsasaad na ang tulong pinansyal ay available sa mga kwalipikadong indibidwal, na nagsasaad na ang Mayo Clinic ay naglalayon na magsimula o magkaroon ng ikatlong partido na magpasimula sa pagkuha ng bayad para sa pangangalaga, at nagbibigay ng isang deadline kung saan ang mga ECA ay maaaring ituloy at na hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng nakasulat na abisong ito;
2. Bigyan ang indibidwal ng Buod sa Simpleng Wika ng Patakaran sa Tulong Pinansyal kasama ang nakasulat na abisong ito; at
3. Gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na ipaalam sa mga indibidwal sa pamamagitan ng pagsasalita ang tungkol sa patakaran sa tulong pinansyal ng ospital ng Mayo.

Panahon ng Notipikasyon

Ang mga ECA para sa mga serbisyo ng ospital ay hindi magsisimula sa loob ng 120 araw pagkatapos ng petsa ng unang billing statement pagkatapos ng discharge para sa naaangkop na medikal na kinakailangan o pang-emergency na pangangalagang medikal.

Aplikasyon Para sa Tulong Pinansyal

Ang aplikasyon para sa tulong pinansyal ay nagsisimula sa petsa kung kailan ibinigay ang medikal na pangangalaga at natatapos 240 araw pagkatapos ng unang billing statement pagkatapos ng discharge o 30 araw pagkatapos magbigay ng ospital o awtorisadong third party ng nakasulat na abiso ng mga ECA na pinaplanong simulan ng ospital, anuman ang mas huli. Ang Mayo Clinic ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang matukoy ang mga pasyente na maaaring maging kwalipikado para sa tulong pinansyal. Ang pamantayan sa pagiging kwalipikado at proseso ng aplikasyon ay itinakda sa naaangkop na Patakaran sa Tulong Pinansyal.

Kung magsusumite ang isang pasyente ng kumpletong aplikasyon para sa tulong pinansyal sa ospital sa panahon ng aplikasyon, isususpende ng Mayo ang mga ECA at gagawa ng pagpapasiya ng pagiging kwalipikado bago ipagpatuloy ang naaangkop na aktibidad ng ECA.

Pagkilala sa mga Makatwirang Pagsisikap na Ginawa

Bago magsagawa ng mga ECA, tutukuyin ng kawani ng Siklo ng Kita ng Mayo Clinic kung ang mga makatwirang pagsisikap ay ginawa upang matukoy kung ang isang indibidwal ay kwalipikado para sa tulong pinansyal. Ang Mayo Clinic Revenue Compliance Officer ay magbibigay ng pangangasiwa para sa pagkilala sa mga makatwirang pagsisikap na ginawa.

Mga Pinansyal na Inaasahan

Nang alinsunod sa Patakaran na ito at sa Patakaran sa Tulong Pinansyal, malinaw na makikipag-ugnayan ang Mayo Clinic sa mga pasyente hinggil sa mga inaasahan sa pananalapi nang maaga sa proseso ng appointment at pagsingil hangga't maaari.

- Ang mga pasyente ay may pananagutan sa pag-unawa sa kanilang saklaw ng insurance at sa pagbibigay ng kinakailangang dokumentasyon upang makatulong sa proseso ng pangongolekta ng insurance.
- Maaaring hilingin sa mga pasyente na magbayad ng pre-service na deposito o mga tinatayang co-pay at deductible bago ang mga serbisyo (maliban sa Departamentong Pang-emergency at iba pang mga emergency na sitwasyon) o maaaring kolektahin ang mga halaga pagkatapos maibigay ang mga serbisyo, batay sa kasalukuyang mga pamamaraan sa negosyo ng indibidwal na mga site ng Mayo.
- Ang mga pasyente sa pangkalahatan ay may pananagutan sa pagbabayad ng mga balanse sa self-pay, kabilang ang anumang halagang hindi binayaran ng mga kompanya ng insurance o naaangkop na mga third party na nagbabayad.
- Kung ang pasyente ay may dating bad debt o hindi pa nababayaran balanse, maaaring humiling ang Mayo Clinic ng mga halagang dapat bayaran bago ibigay ang mga appointment sa hinaharap. Kung hindi magawa ang mga pagsasaayos para sa pagresolba sa natitirang balanse ng pasyente, maaaring limitahan o tanggihan ang hinaharap na pangangalagang hindi pang-emergency. Maaaring kailanganin ang mga pre-service na deposito para sa mga hindi pang-emergency na serbisyo.

Mga Pagkolekta ng Insurance

Ang Mayo Clinic ay magpapanatili at susunod sa mga patakaran at pamamaraan upang matiyak ang napapanahon at tumpak na pagsusumite ng mga claim sa lahat ng kilalang pangunahing planong pangkalusugan o nagbabayad ng insurance ("Nagbabayad") na malinaw na tinukoy ng pasyente. Kung ang Mayo Clinic ay napapanahong nakatanggap mula sa pasyente ng kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa Nagbabayad, ngunit hindi napapanahong nagsumite ng isang claim sa Nagbabayad, at tinanggihan ng Nagbabayad ang claim batay sa hindi napapanahong pag-file, ang pasyente ay magiging responsable lamang para sa halaga na dapat bayaran ng pasyente kung binayaran ng Nagbabayad ang claim. Gayunpaman, kung matukoy ng Mayo Clinic na napapanahon itong nag-file ng mga claim o nagbigay ng hindi tumpak o hindi kumpletong impormasyon, kung gayon ang pasyente ang magiging responsable. Ang insurance sa pananagutan ay hindi saklaw ng mga probisyon ng Mga Pagkolekta ng Insurance na ito.

Ang Mayo Clinic ay hindi dapat mag-refer ng anumang bill sa isang third-party na ahensya ng koleksyon o abogado para sa aktibidad ng pagkolekta habang ang isang claim para sa pagbabayad ng mga serbisyo ay nakabinbin sa isang nakakontratang nagbabayad. Ang Mayo Clinic ay maaaring mag-refer ng bill sa isang third-party na ahensya ng pagkolekta o abogado kasunod ng paunang pagtanggihan ng claim ng isang Nagbabayad. Ang Mayo Clinic ay hindi mag-refer ng anumang bill sa isang third-party na ahensya ng koleksyon o abogado para sa aktibidad ng pagkolekta kapag ang isang claim ay tinanggihan ng isang third-party na nagbabayad dahil sa pagkakamali ng Mayo Clinic at ang gayong pagkakamali ay nagreresulta na mananatag ang pasyente para sa utang kung hindi man sila ang may pananagutan. May karapatan ang Mayo Clinic na patunayan na may nagawang pagkakamali at kung matukoy ng Mayo Clinic na hindi ito nagkamali, maaaring managot ang pasyente. Ang mga pasyente ay dapat pumirma ng awtorisasyon na nagpapahintulot sa Mayo Clinic na singilin ang planong pangkalusugan ng pasyente, kompanya ng insurance, o anumang iba pang nagbabayad na third party, at dapat makipagtulungan sa Mayo Clinic sa isang makatwirang paraan sa pamamagitan ng pagbibigay ng hiniling na impormasyon upang mapadali ang wastong pagsingil sa planong pangkalusugan ng isang pasyente o kompanya ng insurance.

Ginagawa ng Mayo Clinic ang bawat makatwirang pagtatangka na mangolekta mula sa lahat ng kilalang Nagbabayad kung kanino may kontrata ang Mayo, at mga hindi nakakontratang nagbabayad para sa mga serbisyong ibinigay upang tulungan ang mga pasyente sa paglutas ng kanilang mga bayarin.

Resolusyon sa Balanse sa Self-Pay

Ang Mayo ay gumagamit ng mga makatwirang proseso sa patas at pare-parehong paraan upang mangolekta ng mga balanse sa self-pay ng pasyente, pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal at dignidad ng pasyente. Ang tulong pinansyal ay iaalok sa mga pasyente na ang kita at mga ari-arian ay hindi nagpapahintulot sa buong pagbabayad ng mga serbisyo sa loob ng makatwirang panahon.

- Ang mga proseso sa pagkolekta ng sariling bayad at mga daloy ng proseso ay sinusunod ng Mayo Clinic at dapat na ganap na sumunod sa Patakarang ito. Ang Mayo Clinic at ang mga kaakibat nito ay nakabuo ng isang streamline na proseso para sa mga pasyente na magtanong o mag-dispute ng mga singil, kabilang ang isang walang bayad na numero ng telepono na maaaring tawagan ng mga pasyente at isang address kung saan maaari silang magpadala ng nakasulat na liham. Ang numero ng telepono at address ay dapat nakalista sa lahat ng singil sa pasyente at mga abiso sa pagkolekta na ipinadala ng Mayo Clinic. Ang Mayo Clinic ay gagawa ng mga makatwirang pagtatangka na balikan ang mga tawag sa telepono na ginawa ng mga pasyente sa numerong ito sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa limang araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang tawag.
- Isasaalang-alang ng Mayo Clinic ang mga makatwirang plano sa pagbabayad, tulad ng paghahati ng mga pagbabayad sa loob ng dalawa o tatlong buwan.
- Kung ang isang pasyente ay may mga karagdagang serbisyo at may mga karagdagang balanse sa self-pay, mangangailangan ang Mayo ng mga pagtaas sa kasalukuyang plano sa pagbabayad ng pasyente, batay sa kakayahan ng pasyente na magbayad.

Ahensya ng Pagkolekta

- Ang mga ahensya ng koleksyon ng utang na third-party ay maaaring magpatala pagkatapos maubos ang lahat ng makatwirang opsyon sa pagkolekta at pagbabayad. Maaaring tumulong ang mga ahensya sa pagresolba ng mga account para sa mga serbisyo kung saan ang mga pasyente ay hindi nakikipagtulungan sa pagbabayad, hindi nakagawa ng mga naaangkop na pagbabayad, o hindi gustong magbigay ng makatwirang pinansyal at iba pang data upang suportahan ang kanilang kahilingan para sa pangangalaga ng charity.
- Poprotektahan ng staff ng mga ahensya ng pagkolekta ang pagiging kumpidensyal at indibidwal na dignidad ng bawat pasyente. Lahat ng ahensya ay tutugon sa lahat ng kinakailangan ng HIPAA para sa paghawak ng protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Kapag sinusuri ang account para sa referral sa isang ahensya ng pagkolekta, kukumpirmahin ng responsableng tao na:
 - May makatwirang batayan upang maniwala na ang pasyente ay may utang.
 - Ang lahat ng kilalang Nagbabayad ay wastong nasingil upang ang anumang natitirang utang ay pananagutan sa pinansyal ng pasyente. Kung ang pasyente ay nagpahiwatig ng kawalan ng kakayahang magbayad ng buong halaga ng utang sa isang pagbabayad, ang pagsasaalang-alang sa isang makatwirang plano sa pagbabayad ay kinakailangan, sa kondisyon na ang Mayo Clinic ay maaaring humiling sa pasyente na magbigay ng makatwirang pag-verify ng kawalan ng kakayahang magbayad ng buong halaga ng utang sa isang pagbabayad.
 - Ang pasyente ay binigyan ng makatwirang pagkakataon na magsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal. Ang partikular na atensyon ay dapat ibigay kapag ang isang pasyente ay walang insurance o kasalukuyang nasa Tulong Medikal, o iba pang tulong batay sa pangangailangan.
- Kung ang isang pasyente ay magsumite ng kumpletong aplikasyon para sa Tulong Pinansyal pagkatapos na mai-refer ang isang account para sa aktibidad ng pangongolekta, isususpende ng Mayo Clinic ang mga ECA hanggang sa maproseso ang aplikasyon ng pasyente at naabisuhan ang pasyente tungkol sa pagpapasiya ng Mayo Clinic.
- Ang Mayo Clinic at ang mga third party na kasosyo nito ay hindi nag-uulat ng medikal na utang ng pasyente.
- Ang Mayo Clinic ay hindi nagbebenta ng natitirang medikal na utang ng pasyente.

Legal na Pagkilos

Maaaring magsagawa ng legal na pagkilos ang Mayo Clinic laban sa mga pasyenteng nagpapanatili ng mga bayad sa insurance o mga nalikom sa settlement na may kaugnayan sa mga serbisyong medikal, mga pasyenteng tumangging magbayad ng bayarin at mukhang hindi kwalipikado para sa tulong pinansyal o hindi nakipagtulungan sa proseso upang gawin ang pagpapasiya na iyon. Ang legal na follow-up at pagsisimula ng demanda ay naaangkop at pinapayagan sa ilalim ng mga sumusunod:

- Ang awtorisasyon na magsagawa ng legal na pagkilos laban sa isang pasyente para sa pangongolekta ng medikal na utang ay ibibigay sa bawat kaso.
- Ang legal na pagkilos ay hindi isasampa laban sa sinumang partikular na pasyente upang mangolekta ng medikal na utang hanggang sa matukoy ng Mayo Clinic na:
 - May makatwirang batayan upang maniwala na ang pasyente ay may utang;
 - Ang lahat ng kilalang Nagbabayad ay wastong nasingil;
 - Kung ang pasyente ay nagpahiwatig ng kawalan ng kakayahang magbayad ng buong halaga ng utang sa isang pagbabayad, inaalok ng Mayo Clinic ang pasyente ng isang makatwirang plano sa pagbabayad. Ang pasyente ay binigyan ng makatwirang pagkakataon na magsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal kung ang mga katotohanan at pangyayari ay nagmumungkahi na ang pasyente ay maaaring maging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal kabilang, na ang pasyente ay walang insurance o nakatala sa Tulong Medikal o kwalipikado para sa iba pang tulong batay sa pangangailangan.

Pagpapatupad

Patakaran ng Mayo Clinic, sa pamamagitan ng pagpapatibay sa Patakarang ito ng mga naaangkop na namumunong lupon at ng Lupon ng mga Katiwala ng Mayo Clinic, na ang Patakarang ito ay ipapatupad para sa lahat ng kawani ng koleksyon, ahensya ng pagkolekta at mga abogado. Anumang mapang-abuso, panliligalig o mapanlinlang na pananalita, o pag-uugali ng mga empleyado nito na responsable sa pagkolekta ng medikal na utang mula sa mga pasyente at mula sa kanilang mga ahensya at abogado sa pangongolekta ng utang at sa kani-kanilang mga ahente at empleyado ay tutugunan sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng pagwawasto.

Patas na Oportunidad

Kapag gumagawa ng mga desisyon sa buong proseso ng pagkolekta, nakatuon ang Mayo Clinic sa pagsunod sa maraming pederal na batas at batas ng estado na pumipigil sa diskriminasyon dahil sa lahi, kasarian, edad, relihiyon, pinagmulang bansa, marital status, sekswal na oryentasyon, mga kapansanan, serbisyong militar, o anupamang pag-uuring pinoprotektahan ng mga pederal na batas, batas ng estado o lokal na batas.

Pagiging Kumpidensyal

Poprotektahan ng staff ng Mayo Clinic ang pagiging kumpidensyal at indibidwal na dignidad ng bawat pasyente. Ang Mayo Clinic ay tutugon sa lahat ng kinakailangan ng HIPAA para sa paghawak ng personal na impormasyon sa kalusugan.

Mga Kaugnay na Dokumento

Patakaran sa Tulong Pinansyal

Buod sa Simpleng Wika

Aplikasyon Para sa Tulong Pinansyal